# 2024 Pangunahing Halalan

# Pamplet para sa Mga Botante ng Deschutes County sa Wikang Tagalog

Minamahal Naming Botante ng Deschutes County:

Ito ang iyong Pamplet para sa mga Botante para sa Pangunahing Halalan ngayong Mayo 21, 2024 na ibinibigay ng Tanggapan ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk's Office). Naglalaman ito ng impormasyon tungkol sa mga kandidato at mga panukalang-batas mula sa mga lokal na hurisdiksyon sa loob ng mga hangganan ng Deschutes County.

Naglalaman ang pamplet na ito ng mga panukalang-batas sa balota at mga pagpapaliwanag na pahayag na dinisenyo para magbigay ng walang kinikilingang impormasyon. Naglalaman din ito ng mga bayad na argumento para sa o laban sa ilang partikular na panukalang-batas. Maaari ding magbayad ang mga kandidato para maglagay ng pahayag sa pamplet.

Ipapadala sa koreo ang mga balota sa Miyerkules, Mayo 1, 2024, sa bawat rehistradong botante. Narito ang ilang bagay na dapat mong malaman:

- **Ipadala** ang iyong sinagutang balota sa sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo o **ihulog ito** sa isang opisyal na lokasyon ng drop box bago mag-**8:00 pm, Martes, Mayo 21, 2024**. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) pagsapit ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng Tanggapan ng Kawani pagsapit ng Martes, Mayo 28, 2024 ay tatanggapin. Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota.
- Magbubukas ang mga lugar ng drop box sa Biyernes, Mayo 3. Tingnan ang pahina ng *Mga Opisyal na Lugar para sa Pagsumite ng Balota* sa pamplet para sa higit na mga detalye.
- Makikita ang mga pangalan ng kandidato sa iyong balota nang hindi alpabetikong magkakasunod. Alinsunod sa ORS 254.155, ang sapalarang pagkakasunod-sunod ng mga letra ay isinasagawa bago ng halalan.
- Hindi lahat ng kandidato o panukalang-batas sa Pamplet na ito para sa mga Botante ay makikita sa iyong balota. Tinutukoy ng iyong address ng tirahan ang mga distrito kung saan maaari kang bumoto. Ang iyong opisyal na balota ay maglalaman lang ng mga isyu na kung saan karapat-dapat kang bumoto, batay sa kung saan ka nakatira.
- Hindi lahat ng kandidato ay nagsusumite ng impormasyon para sa Pamplet para sa mga Botante, kaya maaaring may mga kandidato ka sa iyong balota na wala sa Pamplet para sa mga Botante.
- Ang Pamplet na ito para sa mga Botante ay makikita online sa www.deschutescounty.gov/elections. Pagkatapos ng alas-8 ng gabi sa Araw ng Halalan, ang mga paunang resulta ng halalan ay ipo-post online sa www.deschutescounty.gov/ElectionResults..
- Kung inihatid ang balota sa iyong tirahan para sa isang tao na hindi na dapat nakakatanggap ng balota sa iyong address, pakisulat ang "RETURN" sa sobre at ibalik ito sa iyong mailbox.

Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file. Dapat magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

# Impormasyon sa Pagboto

## Pag-rehistro para Makaboto

Upang maging kwalipikadong bumoto sa Pangunahing Halalan sa Mayo 21, 2024, dapat na may marka ng koreo ang isang nakumpletong kard ng rehistrasyon ng botante bago mag-Martes, Abril 30, 2024.

## Sistema ng Saradong Pangunahing Halalaan

Sa Pangunahing Halalan sa Mayo 21, 2024, pinili ng mga partidong Demokratiko (Democratic) at Republican (Republican) na isara ang kanilang mga pangunahing halalan sa mga botanteng hindi kasapi sa kanilang mga partido. Ang mga botanteng rehistrado lamang sa mga partidong Demokratiko (Democratic) o Republican (Republican) ang maaaring bumoto sa mga kandidato ng mga partidong iyon para sa mga katungkulang makapartido. Ang lahat ng iba pang botante ay makatatanggap ng isang balotang walang kinikillingang partido.

**Upang baguhin ang iyong kaalyadong partido, paki-update ang iyong rehistrasyon ng botante bago mag-Martes, Abril 30, 2024.**

**Upang mag-rehistro para makaboto sa Oregon, ikaw dapat ay:**

1. Isang residente ng Oregon.
2. Isang mamamayan ng Estados Unidos.
3. Hindi bababa sa 18 taong gulang pagsapit ng araw ng halalan.

**Dapat mong i-update ang iyong rehistrasyon kung:**

1. Nagbago ang iyong address ng tirahan o address para sa koreo.
2. Nagbago ang iyong pangalan.
3. Nais mong baguhin ang iyong kaalyadong partido.

**Mahalagang Tandaan:** Kung lumipat ka o nagbago ang iyong pangalan at hindi mo pa na-update ang iyong rehistrasyon, kwalipikado ka pa ring bumoto. Tawagan ang Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 o mag-email sa elections@deschutescounty.gov para sa higit na impormasyon.

## Mga Tagubilin sa Pagboto

Maglalaman ang iyong Pakete ng Balota ng mga sumusunod na bagay:

- Nakaimprentang balota
- Pipirmahang isasauling sobre na bayad na ang selyo (postage-paid return envelope)

**Suriin ang iyong opisyal na balota at bumoto gamit ito:**
Suriin ang iyong opisyal na balota at hanapin ang bibilugan para sa kandidato o panukalang-batas na iyong napili para sa bawat labanan. Upang bumoto, dapat mong ganap na punan ang bilog (⬬) sa tabi ng iyong mga napili gamit ang bolpen (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.

**Suriin ang iyong balota:**
Tiyaking namarkahan mo nang tama ang iyong napili para sa bawat labanan. Ang iyong opisyal na balota ay maaring maglaman ng mga labanan/panukalang-batas na nakalathala sa magkabilang pahina ng iyong balota.

**Maghandang ibalik ang iyong balota:**
Ilagay ang iyong balota sa sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo. Titiyakin ng kawani ng halalan ang paglihim ng iyong balota. Basahin ang pahayag ng botante sa sobreng ibabalik at lumagda sa kahon para sa lagda.

**Paglagda ng iyong sobre para sa pagbalik ng balota:**
Hindi bibilangin ang iyong balota kung hindi nilagdaan ang sobreng ibinalik. Ang bawat lagda ay kinukumpara sa lagda sa file noong nagparehistro at dapat na tumugma ang lagda para mabilang ang balota.

**Ibalik ang iyong balota:**
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbabalik ng balota. Hindi kailangan ng selyo. Ipadala ang iyong binotohang balota nang hindi lalampas sa Martes, Mayo 21, 2024. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) pagsapit ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng Tanggapan ng Clerk pagsapit ng Martes, Mayo 28, 2024 ay tatanggapin.
- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

**Mga botante na may kapansanan:**
Kung kailangan mo ng tulong sa pagboto o pagsumite ng iyong balota, tawagan ang Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547. Maglalaan kami ng dalawang kawani para tulungan ka sa pagboto. Maaari mo ring awtorisahan ang isang kaibigan, miyembro ng pamilya, o iba pang pinagkakatiwalaang tao, na hindi kasapi sa iyong tagapag-empleyo o unyon, na tulungan ka.

May magagamit na audio edition ng Pamplet para sa mga Botante. Maaari ding mag-order ang mga botante sa pamamagitan ng pagkontak sa Independent Living Resources sa (503) 232-7411, info@irl.org, o TTY (503) 232-8408.

**Tandaan, suriin ang magkabilang pahina ng iyong balota. Ang ilang balota ay maaaring may mga labanan/panukalang-batas sa magkabilang pahina.**

# Paano Isumite ang Iyong Boto

## 1. Kumpletuhin ang iyong balota

- Upang bumoto, ganap na punan ang bilog sa tabi ng iyong napili gamit ang panulat (itim o asul na tinta). Huwag gumamit ng felt tip pen.
- Upang bumoto sa isang tao na wala sa balota, punan ang bilog sa tabi ng linyang "write-in," pagkatapos ay maayos na isulat ang pangalan ng tao sa inilaang linya. Huwag isulat ang pangalan ng kandidato na nakikita na sa balota.
- Hindi mo kailangang botohan ang lahat ng labanan. Bibilangin pa rin ang mga iboboto mo.

## 2. Suriin kung may mga mali

- Kung bumoto ka nang higit sa mga opsyon na pinahihintulutan, ang iyong boto **ay hindi mabibilang** para sa labanang iyon.
- Kung nagkamali ka sa iyong balota, maaari mong gawin ang iyong mga pagbabago sa balota. Guhitan ng linya ang buong pangalan ng kandidato o tugon sa panukalang-batas. Pagkatapos ay maaari kang pumili ng iba.
- Makipag-ugnayan sa Tanggapan para sa Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections Office) sa (541) 388-6547 para humiling ng pamalit na balota kung:
  - nagkamali ka na hindi mo maaaring itama
  - ang iyong balota ay nasira o namarkahan nang hindi tama
  - nawala ang balota mo

## 3. Ipasok ang balota at lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota

- Ipasok lamang ang iyong binotohang balota (hindi ang balota ng ibang tao) sa loob ng iyong sobre para sa pagbalik ng balota. *(Kung makatanggap kami ng isang sobre na may higit sa isang balota sa loob, ang lahat ng nakapaloob na balota ay tatanggihan at hindi mabibilang).*
- Dapat mong lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota, kung hindi ay **hindi mabibilang ang iyong boto.**

- Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file. Dapat magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

## 4. Ibalik ang iyong balota

- **Sa pamamagitan ng koreo:** Ibalik ang iyong balota gamit ang iyong nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota. Hindi kailangan ng bayad sa koreo. Ipadala ang iyong binotohang balota nang hindi lalampas sa Martes, Mayo 21, 2024. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) bago mag-8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Clerk pagsapit ng Mayo 28, ay tatanggapin.
- **Saanmang opisyal na lugar ng drop box:** Ihatid ang nilagdaan at selyadong sobre para sa pagbalik ng balota sa isang opisyal na lugar ng drop box nang hindi lalampas sa 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan. Hindi kailangan ng bayad sa koreo.

# Mga Opisyal na Lokasyon para sa Pagsumite ng Balota

## Huwag Ipagpaliban, Bumoto Ngayon!

**Ihulog** ang iyong balota sa isang opisyal na lokasyon para sa pagsumite ng balota nang hindi lalampas sa **alas-8 ng gabi, Martes, Mayo 21, 2024**. Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre ng balota.

## Mga Oras na Bukas ang Lugar ng Drop Box:

**Magbubukas:** Biyernes, Mayo 3, 2024
**Magsasara:** Araw ng Halalan, Martes, Mayo 21, 2024, **alas-8 ng gabi**

## Mga Lokasyon para sa Pagsumite ng Balota:

## Bend

**Sentro para sa Mga Serbisyo ng Deschutes (Deschutes Services Center)**
1300 NW Wall St, Bend
*(Walk-up at Drive-through, Panlabas na Drop Box na matatagpuan sa kanlurang bahagi ng gusali)*

**Kagawaran ng Lansangang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Road Department)**
61150 SE 27th St, Bend
*(Matatagpuan sa dulong timog ng parking lot)*

**Old Mill**
459 SW Bluff Dr, Bend
*(Ang box ay matatagpuan sa maliit na burol sa itaas ng Old Mill District sa parking lot sa timog ng Hilton Garden Inn hotel)*

**Bradbury Park & Ride**
1000 SW Bradbury Way, Bend
*(Ang box ay matatagpuan sa tapat ng Park & Rec Pavilion malapit sa Simpson at Columbia)*

**Liwasang-bayan ng Pine (Pine Nursery Park)**
3750 NE Purcell Blvd, Bend
Bukas sa karaniwang oras ng negosyo ng parke
*(Matatagpuan ang box sa dulong silangan ng parking lot)*

## Redmond

**Sentro ng Eksibisyong Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Expo Center) (Mga Panlabas na Lugar ng Eksibisyon)**
3800 SW Airport Way, Redmond
*(Matatagpuan ang box sa rotonda sa dulong silangan ng parking lot)*

**Parking lot sa tapat ng Liwasang Sentenaryo (Centennial Park)**
(Pansamantalang inilipat mula sa Aklatan ng Redmond (Redmond Library))

716 SW Evergreen, Redmond
*(Matatagpuan ang box sa dulong hilaga ng parking lot)*

## La Pine

**Pampublikong Aklatan ng La Pine (La Pine Public Library)**
(Bukas habang may konstruksiyon)

16425 1st St, La Pine
*(Matatagpuan ang box sa 1st St at Huntington Rd)*

## Sisters

**Munisipyo ng Sisters (Sisters City Hall)**
520 E Cascade Ave, Sisters
*(Matatagpuan ang box sa harap ng Munisipyo)*

## Sunriver (Pansamantalang Nakasara)

**Pampublikong Aklatan ng Sunriver (Sunriver Public Library)**
56855 Venture Ln, Sunriver
*(pansamantalang nakasara dahil sa konstruksiyon) Hinihikayat ang mga botante na gumamit ng koreo o mga alternatibong Lokasyon para sa Pagsumite ng Balota.*

## -- O --

**Ipadala sa koreo** ang iyong binotohang balota gamit ang sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo nang hindi lalampas ng **8 pm, Martes, Mayo 21, 2024**. Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) bago mag-8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng opisina ng Clerk pagsapit ng Mayo 28, ay tatanggapin. Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre ng balota.


**Opisina ng Kawani ng County, 1300 NW Wall St, Suite 202 (2nd Floor), Bend**
**Lunes hanggang Biyernes, 8 am hanggang 5 pm | Araw ng Halalan, 7 am hanggang 8 pm**
**— Mayroong mga Nakalaang Booth para sa Pagboto —**

# Mga Direksyon papunta sa Iyong mga Pinakabagong Lugar para sa Pagsumite ng Balota

***Hanapin ang mga karatula at banner na magdidirekta sa iyo sa mga lugar ng drop box.***


**Ang Drop Box ng Balota sa Aklatan ng Redmond (Redmond Library) ay Pansamantalang Inilipat sa Parking Lot sa SW Evergreen Ave at SW 7th St, Redmond**

Kasalukuyang ginagawa ang Aklatan ng Redmond (Redmond Library) hanggang sa inaasahang petsa ng pagkumpleto sa Hunyo 2024. Ipapaskil ang karatula na magdidirekta sa mga botante na pumasok sa parking lot sa SW 7th St at lumabas sa SW Forest Ave.




**Sentro ng Eksibisyong Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Expo Center) (Mga Panlabas na Lugar ng Eksibisyon) 3800 SW Airport Way, Redmond**

Ang drive-through box ay matatagpuan sa rotonda sa dulong sillangan ng parking lot.




***.... Mga Paalala ....***

**Ang Iyong Pakete ng Balota**
Maglalaman ang iyong pakete ng balota ng isang balota at sobreng ibabalik na may marka ng pagbayad sa koreo.

**Paglagda ng Iyong Sobre para sa Pagbalik ng Balota**
Huwag kalimutang lagdaan ang iyong sobre para sa pagbalik ng balota.

Ang lagda sa bawat sobre para sa pagbalik ng balota ng botante ay bineberipika kung pareho sa lagda ng botanteng nasa file. Dapat magkatugma ang mga lagda bago mabilang ang isang balota. Kung nagbago ang iyong lagda, paki-update ang iyong rehistrasyon bilang botante.

**Pagbabalik ng Iyong Balota**
Hindi kinakailangan ng selyo.
Ipadala sa koreo bago ang Araw ng Halalan, Martes, Mayo 21, 2024.
Ang mga balotang ipinadala sa koreo, na namarkahan ng United States Postal Service (USPS) pagsapit ng 8 pm sa Araw ng Halalan at natanggap ng Tanggapan ng Kawani pagsapit ng Martes, Mayo 28, ay tatanggapin.

# Mga Pangunahing Halalan sa Oregon

## Paano Isinasagawa ang Mga Ito at Ano ang Kahulugan Nito para sa mga Botante

### Ano ang Pangunahing Halalan?

Ang mga pangunahing halalan ay mga halalang makapartido na ginagamit ng mga *malalaking* partidong pampolitika para magnomina ng mga kandidato na tumakbo para sa katungkulang makapartido sa pangkalahatang halalan. Ang mga *minoryang* partidong pampolitika ay nagnonomina ng mga kandidato upang tumakbo para sa katungkulang makapartido sa pangkalahatang halalan ayon sa tuntunin ng partido, at ang mga kandidatong iyon ay hindi makikita sa balota ng pangunahing halalan. Ang mga nanalong kandidato sa isang pangkalahatang halalan ay inihahalal sa katungkulan. Kabilang sa mga katungkulang makapartido ang Pangulo ng U.S., Senador ng U.S., Kinatawan ng U.S., Gobernador, Kalihim ng Estado, Ingat-yaman ng Estado, Abugadong Panlahat, Senador ng Estado, at Kinatawan ng Estado.

Sa pangkalahatang halalan, makatatanggap ang mga botante ng balota na naglalaman ng parehong katungkulang makapartido at walang kinikilingan at maaaring bumoto sa sinumang kandidato kahit na hindi pareho ang kanilang partido. Karamihan sa mga panukalang-batas sa balota sa buong estado ay nasa balota ng pangkalahatang halalan.

### Paano Isinasagawa ang Mga Pangunahing Halalan sa Oregon?

**Sarado laban sa Bukas na Mga Pangunahing Halalaan**

Kailangan sa isang *saradong* pangunahing halalan na rehistrado ang isang botante sa isang partidong pampolitika upang makaboto para sa kandidato ng partidong iyon; ang halalan para sa kandidatong makapartido ay sarado sa mga botanteng walang kaalyadopati rin sa mga botanteng kasapi sa partidong minorya.  Hindi kailangan sa isang *bukas* na pangunahing halalan na maging kasapi ang mga botante sa isang partidong pampolitika para iboto ang mga kandidatong makapartido.

**Mga Pangunahing Halalan sa Oregon**

Ang pangunahing halalan ng Oregon ay sarado, ibig sabihin ang mga rehistradong botante lamang ng isang malaking partidong pampolitika ang maaaring bumoto  sa mga kandidatong pareho ang partido. Sa pangunahing halalan, ang mga botanteng hindi rehistrado sa isa sa mga malalaking partidong

pampolitika ay makatatanggap ng isang balota na naglalaman ng mga labanang walang kinikilingang partido, tulad ng mga halalang panghukuman, na maaaring pagbotohan ng lahat ng rehistradong botante. Ang mga malalaking partidong pampolitika (ang mga partidong Demokratiko (Democratic) at Republican (Republican) ay may opsyon na buksan ang kanilang mga pangunahing halalan upang payagan ang mga botanteng hindi kasapi sa anumang partidong pampolitika na bumoto sa pangunahing halalan ng partido. Kung pipiliin ng mga partido na hindi buksan ang kanilang mga pangunahing halalan, ang mga botante lamang na rehistrado sa mga partidong Demokratiko (Democratic) o Republican (Republican) ang maaaring bumoto sa mga kandidato ng mga partidong iyon para sa mga katungkulang makapartido.

**Mga Pangunahing Halalan sa Deschutes County**

Ang bawat opisina sa Deschutes County ay walang kinikilingang partido. Inihahalal ang nakararaming katungkulang pang-county sa mga pangkalahatang halalan maliban kung mayroong tatlo o higit pang mga kandidato bago ang deadline ng pag-file para sa pangunahing halalan. Ang mga kandidatong ito ay mapupunta sa pangunahing balota, kung saan ang dalawang nangungunang makakakuha ng boto ay maghaharap sa pangkalahatang halalan.

Ang Tasador ng County, mga Komisyonado ng County, at Hukom Tagapamayapa (Justice of the Peace) ay inihahalal nang naiiba kaysa sa ibang mga katungkulang pang-county; inihahalal sila sa mga pangunahing halalan. Kung walang kandidatong nakatanggap ng mayoryang boto (50% + 1 boto) para sa katungkulang ito, ang dalawang kandidatong nakatanggap ng pinakamataas na bilang ng mga boto sa Pangunahing Halalan ay hihirangin at tutuloy sa Pangkalahatang Halalan.

**Sistema ng Saradong Pangunahing Halalaan**

Sa Pangunahing Halalan sa Mayo 21, 2024, pinili ng mga partidong Demokratiko (Democratic) at Republican (Republican) na isara ang kanilang mga pangunahing halalan sa mga botanteng hindi kasapi sa kanilang mga partido. Ang mga botanteng rehistrado lamang sa mga partidong Demokratiko (Democratic) o Republican (Republican) ang maaaring bumoto sa mga kandidato ng mga partidong iyon para sa mga katungkulang makapartido. Ang lahat ng iba pang botante ay makatatanggap ng isang balotang walang kinikillingang partido. Upang baguhin ang iyong kaalyadong partido, paki-update ang iyong rehistrasyon ng botante bago ang Martes, Abril 30, 2024.

# Halalang Pang-county ng Deschutes: 2024 “I Voted” Sticker Contest

Nagwakas ang contest sa pagdisenyo ng sticker para sa paaralang Elementarya (K-5) noong Disyembre 31, 2023. 68 estudyante mula sa 6 na paaralang elementarya ang nagsumite ng mga entry. Salamat sa mga estudyante mula sa mga paaralang Buckingham Elementary, Highland Elementary, Lava Ridge Elementary, Pine Ridge Elementary, Sisters Elementary, at Vern Patrick Elementary para sa inyong magagandang disenyo.

Binabati namin si Ivy Sapp, isang mag-aaral sa ikalawang baitang mula sa Paaralang Elementarya ng Lava Ridge (Lava Ridge Elementary School). Maaring makuha ang sticker na "I Voted" ni Ivy sa ating opisina at mga munisipyo sa Araw ng Halalan.

Inaanyayahan ng Opisina ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk's Office) ang mga lokal na estudyante na sumali sa **Deschutes County “I Voted” Sticker Contest**. Hinihikayat ang mga estudyanteng nasa middle hanggang hay-iskul (6-12) na magdisenyo ng "I Voted" sticker na gagamitin sa 2024 na Pangunahing Halalang Pampanguluhan, at itatampok sa ating Pamplet para sa Mga Botante.

## Mga Detalye ng Contest

**Makukuha ang "I Voted" Sticker Contest Entry Form at Design Template sa Opisina ng Kawani at maida-download sa website ng Halalang Pang-county ng Deschutes (Deschutes County Elections): www.deschutescounty.gov/ artcontest.**

Dapat ipadala o ihatid ng mga estudyante sa middle-high school (6-12) ang kanilang mga entry bago mag-Hunyo 30, 2024.

> **Nang Personal:** Opisina ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk's Office), 1300 NW Wall Street, Ste 202, Bend
>
> **Sa pamamagitan ng koreo:** Opisina ng Kawani ng Deschutes County (Deschutes County Clerk's Office), “I Voted” Sticker Contest, PO Box 6005, Bend, Oregon 97708
>
> **Email:** artcontest@deschutescounty.gov

**Mga Panuntunan sa "I Voted" Sticker Contest**

- Pabilog na disenyo ng "I Voted" sticker (ay babaguhin ang laki upang magkasya sa isang sticker na may dalawang pulgada (2") na diyametro)
- Tinatanggap ang mga gawa sa kamay at digital na disenyo
    - Ang mga digital na isusumite ay dapat na may pinakamababang resolusyon na 300 ppi
    - Ang mga isusumiteng gawa sa kamay ay dapat iguhit sa puting papel
- Ang mga disenyo ay dapat na walang kinikilingang partido at hindi dapat tumutukoy sa anumang grupong pampolitika
- Dapat na may kulay pula, puti, at asul man lang ang mga disenyo
- Dapat na orihinal na gawa ang mga disenyo at hindi maaaring gumamit o muling gumamit ng anumang koleksyon ng imahe na hindi sa kanila (walang clip art o naka-copyright na koleksyon ng imahe)

# Panukalang-batas 9-164 – Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Newberry Estates (Newberry Estates Special Road District)

**Caption:** Limang Taong Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis na Irerenew para sa Pagkontrol ng Alikabok sa Distrito (District Dust Abatement)

**Tanong:** Dapat bang magpataw ang Distrito ng $0.60 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian para sa pagkontrol ng alikabok sa loob ng 5 taon simula 2025? Ipagpapatuloy muli ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang mga lokal na opsyon na buwis.

**Buod:** Tinutustusan ng Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Newberry Estates (Newberry Estates Special Road District) "Distrito" mula sa pangkalahatang pondo nito ang pag-aayos ng kalsada, pag-aalis ng niyebe, pagbabawas ng kalsada (grading), pagtanggal ng mga panirang damo at lupang nalinis para hindi daanan ng sunog (fire break)/itinalagang lugar na pinaiigting ang kaligtasan (safety corridor) para sa lahat ng kalsada sa loob ng Distrito.

May hiwalay na lokal na opsyon na ipapapataw na buwis ang Distrito para sa taunang Aplikasyon para sa Pagkontrol ng Alikabok (Dust Abatement Application) na magwawakas sa katapusan ng taong ito. Para maipagpatuloy ang serbisyong ito, iminumungkahi ng Distrito na magpataw ng buwis na $0.60 kada $1000, o $60 kada $100,000 ng tinasang halaga ng ari-arian sa loob ng limang taon simula 2025.

Humigit-kumulang $25,000 ang kasalukuyang taunang gastusin sa paglalagay ng mga materyales para sa pagkontrol ng alikabok. Nakakalikom ang ating kasalukuyang ipinapataw na buwis ng humigit-kumulang $13,000 taun-taon na nagdudulot ng malaking kakulangan na dapat bayaran mula sa pangkalahatang pondo ng Distrito.

Tinatayang makakalikom ang panukalang-batas na ito ng humigit-kumulang $19,500 sa 2024-2025, $20,085 sa 2025-2026, $20,688 sa 2026-2027, $21,308 sa 2027-2028, at $21,947 sa 2028-2029, na may kabuuang $2,178,388 sa loob ng limang taon. Magbibigay-daan ito para sa pagpapatuloy ng matagumpay na programa sa pagkontrol ng alikabok sa panahon ng tagsibol kada taon.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Tinutustusan ng Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Newberry Estates (Newberry Estates Special Road District) "Distrito" mula sa pangkalahatang pondo nito ang pag-

aayos ng kalsada, pag-aalis ng niyebe, pagbabawas ng kalsada (grading), pagtanggal ng mga panirang damo at lupang nalinis para hindi daanan ng sunog (fire break)/itinalagang lugar na pinaiigting ang kaligtasan (safety corridor) para sa lahat ng kalsada sa loob ng Distrito.

May hiwalay na lokal na opsyon na ipapapataw na buwis ang Distrito para sa taunang Aplikasyon para sa Pagkontrol ng Alikabok (Dust Abatement Application) na magwawakas sa katapusan ng taong ito. Para maipagpatuloy ang serbisyong ito, iminumungkahi ng Distrito na magpataw ng buwis na $0.60 kada $1000, o $60 kada $100,000 ng tinasang halaga ng ari-arian sa loob ng limang taon simula 2025.

Ang kasalukuyang taunang gastusin sa paglalagay ng mga materyales para sa pagkontrol ng alikabok ay humigit-kumulang $25,000 kada paggamot. Nakakalikom ang ating kasalukuyang ipinapataw na buwis para sa pagkontrol ng alikabok ng humigit-kumulang $13,000 taun-taon na nagdudulot ng malaking kakulangan na dapat bayaran mula sa pangkalahatang pondo ng Distrito.

Tinatayang makakalikom ang panukalang-batas na ito ng humigit-kumulang $19,500 sa 2024-2025, $20,085 sa 2025-2026, $20,688 sa 2026-2027, $21,308 sa 2027-2028, at $21,947 sa 2028-2029, na may kabuuang $2,178,388 sa loob ng limang taon. Magbibigay-daan ito para sa pagpapatuloy ng matagumpay na programa sa pagkontrol ng alikabok sa panahon ng tagsibol kada taon.

*Isinumite ni: Mark Dietz, Espesyal na Pandistritong Lansangan ng Newberry Estates (Newberry Estates Special Road District)*

# Panukalang Batas 9-165 – Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng La Pine (La Pine Rural Fire Protection District)

**Caption:** Pag-renew ng 5 taong Ipinapataw na Buwis sa Operasyon para sa Pamatay-sunog ng Distrito

**Tanong:** Dapat bang i-renew ng Distrito ang 5 taong lokal na opsyon na singil sa buwis na $0.64/$1000 ng tinasang halaga para sa mga layunin ng operasyon simula 2024-2025? Ire-renew ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang mga lokal na opsyon na singil sa buwis.

**Buod:** Ire-renew ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang antas ng buwis para sa Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng LaPine (LaPine Rural Fire Protection District) sa loob ng limang taon at maglalaan ng patuloy na pondo para sa mga gastusin sa operasyon na:

- Magpapanatili ng 2 ambulansiya para sa Advanced Life Support na magbibigay-serbisyo 24/7
- Magpapanatili ng isang Tauhang Naka-duty sa Distrito sa lahat ng oras upang matiyak ang epektibong pagtugon sa emerhensiya.
- Magpapanatili ng operasyon ng lahat ng himpilan ng bumbero ng Distrito- Huntington, Burgess/Day at South Century Drive.
- Magpapanatili ng mga programa para sa pagboboluntaryo at mga estudyante upang suportahan ang operasyon.
- Magpapanatili sa antas ng insurance sa 2012 ISO na magpapababa ng mga gastusin sa insurance.
- Magbibigay-daan para sa patuloy na pagkakaloob ng angkop na pondo para sa kagamitan, kagsangkapan, pasilidad, programa, at tauhan.
- Magpapanatili ng 21 permanenteng Bumbero/Paramedic at magbibigay ng pagsasanay.
- Maglalaan ng pondo upang mapanatili ang mga kagamitang EMS para sa mga serbisyong medikal at transportasyon.

Ang lokal na opsyon na singil sa buwis ay para sa limang taon, na ire-renew sa Hulyo 2024. Nananatili ang antas ng buwis sa $0.64/$1000 ng tinasang halaga. Ang mga tinatayang kita sa loob ng 5 taon ay:
2024-2025: $1,421,088; 2025-2026: $1,463,721; 2026-2027: $1,507,633; 2027-2028: $1,552,862; 2028-2029: $1,599,448; Ang kabuuang tinatayang buwis na malilikom sa pamamagitan ng panukalang-batas: $7,544,752.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Pananatilihin ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang antas ng buwis ng Pamatay-sunog ng Distrito gayundin ang mga kasalukuyang antas ng mga serbisyong pamatay-sunog at medikal na pang-emerhensiya. Ipinatutupad ang lokal na opsyon na singil sa buwis na ito para sa operasyon mula pa noong 1998 at huling na-renew noong 2014 ng mga botante ng Pamatay-sunog ng Distrito. Sa Hunyo 2024, magwawakas ang ipinapataw na buwis at hinihiling ng Distrito sa mga botante na i-renew sa parehong halaga ang lokal na opsyon na singil sa buwis, sa loob ng limang taon muli, simula Hulyo 2024. Nananatili ang antas ng buwis sa $0.64/$1000 ng tinasang halaga. Ang isang bahay na nagkakahalaga ng $200,000 ay patuloy na magbabayad ng $128.00 kada taon ($10.66/buwan).

Ang pag-renew ng ipinapataw na buwis na ito ay magbibigay-daan sa Distrito na mapanatili ang kasalukuyang mga tauhan at maipagpatuloy ang pagbibigay ng mga kinakailangang serbisyong pang-emerhensiya sa ating mga manghahalal at mga pangangailangan sa hinaharap para sa ating mga mamamayan.

- Ang mga Alarmang Pang-emerhensiya at pangangailangan ng serbisyo ay patuloy
  na nadadagdagan sa nakalipas na 10 taon.
- Ang Mga Serbisyong Medikal na Pang-emerhensiya (Emergency Medical Services) ay ang dahilan ng 84%
  dami ng alarma kaugnay ng mga pagbibiyahe ng ambulansiya patungong Bend na tumatagal ng humigit-kumulang 2 oras.
- Ang patuloy na banta ng malalaking sunog at mabilis na pagsulong ng konstruksyon ay nagsisilbing hamon sa paghahatid ng serbisyo.

Ang ipinapataw na buwis na ito, kasama ang iba pang mga buwis, bayarin, at singil ay magbibigay ng mahalagang pondo para:

- Mapanatili ang mga serbisyong ambulansiya na nakalaan para sa ating mga mamamayan
  at matugunan ang mga pangangailangan sa sistema.
- Mapanatili ang mga suplay at kagamitan para sa serbisyong medikal na pang-emerhensiya na sumusunod sa mga pamantayan ng industriya para sa paggamot at transportasyon.
- Mapanatili ang mga operasyon ng mga himpilan ng Bumbero ng Distrito upang mapanatili ang mga antas ng ISO at magdulot ng mga pagbawas sa mga gastusin sa insurance at pagkawala ng ari-arian.
- Mapanatili ang suporta sa ating programa para sa mga taong boluntaryo, reserba at suporta sa mga serbisyo.

• Magbigay-daan para sa patuloy na pagkakaloob ng  angkop na pondo para sa kagamitan, kagsangkapan, pasilidad, programa, at tauhan upang mabawasan ang kabuuang pasanin sa pananalapi ng tagabayad ng buwis.
• Mapanatili ang 21 permanenteng Bumbero/Paramedic.
• Mapanatili ang teknolohiya at software na sumusuporta sa mga serbisyo para sa pagtugon sa emerhensiya.

May mga dalubhasa at propesyonal na permanenteng bumbero ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng LaPine (LaPine Rural Fire Protection District) pati na programa para lubos na makibahagi ang mag-aaral habang naninirahan doon at isang grupo ng mga boluntaryong nagbibigay-serbisyong pangsuporta at naglalaan ng mahahalagang serbisyong pang-emerhensya sa komunidad. Kilala ang Distrito sa mahusay at epektibong paggamit ng mga pondo ng tagabayad ng buwis, sinusulit ang pagbawi sa gastos at mga oportunidad sa pagkakaroon ng pondo sa pamamagitan ng pinakamahusay na mga kasanayan sa pamamahala, patuloy na mga proseso para sa estratehikong pagpaplano, sampung taong pagpaplano ng badyet, at pagsusuri sa mga pangunahing estadistikang tagapagpahiwatig ng pagganap ng tungkulin. Palaging sinusuri ng Distrito ang mga istruktura ng paggastos at pagkakaroon ng kita upang mapabuti ang halaga ng mga serbisyo sa mga tagatangkilik nito. Pinapanatili nito ang mga kagamitan at pasilidad ng komunidad nang walang utang. Ang limang nahalal na Direktor ng Distrito ay may malawak na karanasan sa pampublikong pamamahala, mga kasalukuyang kasanayan sa pagnenegosyo, pangangalagang pangkalusugan, at pagkontrol ng panganib sa komunidad. Itinatakda ng mga Direktor ang mga layuning pang-serbisyo ng Distrito, panganib sa komunidad, at nagbibigay direksiyon sa mga operasyon sa Pamatay-sunog at EMS sa pamamagitan ng pagpapatupad ng patakaran. Ang Distrito ay may taunang panlabas na pag-audit sa pananalapi at pamamaraan nito na bukas para sa pampublikong pagsusuri.

*Isinumite ni: Erick Holsey, Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng La Pine (La Pine Rural Fire Protection District)*

# Panukalang Batas 9-166 – Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng La Pine (La Pine Rural Fire Protection District)

**Caption:** Pag-renew ng 10 taong Ipinapataw na Buwis sa Kapital para sa Pamatay-sunog ng Distrito

**Tanong:** Dapat bang i-renew ng Distrito ang 10 taong pamalit na ipinapataw na buwis sa kapital na $0.23/$1,000 ng tinasang halaga para sa mga malalaking proyekto simula 2024-2025?
Ire-renew ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang mga lokal na opsyon na singil sa buwis.

**Buod:** Ire-renew ng panukalang-batas na ito ang magwawakas na ipinapataw na buwis sa bond ng Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng La Pine **(**La Pine Rural Fire Protection District) na may antas ng buwis na $0.23/$1000 ng tinasang halaga upang magkaloob ng mga pondong pang-kapital para sa:

- Iskedyul sa pagpapalit ng mga ambulansiya.
- Iskedyul sa pagpapalit ng mga kasangkapang pamatay-sunog.
- Iskedyul sa pagpapalit ng mga command vehicle at sasakyan para sa tauhan.
- Iskedyul sa pagpapalit ng mga kasangkapang panghinga at air cylinder.
- Iskedyul sa pagpapalit ng mga personal na kagamitang pamproteksyon.
- Pagdaragdag ng mga naaayon sa pamantayan na mga kagamitang pamatay-sunog at Medikal na Pang-emerhensiya.
- Pagdaragdag, pag-upgrade, at pagpapanatili ng mga kontrata sa teknolohiya at serbisyo para matiyak ang proteksiyon ng impormasyong pangkalusugan.
- Mga pagpapanatili at pag-upgrade ng pasilidad upang suportahan ang mga kinakailangang pagtugon sa komunidad.

Ang lokal na opsyon na singil sa buwis sa kapital ay para sa sampung taon simula Hulyo 2024. Nananatili ang antas ng buwis sa kasalukuyang halaga ng ipinapataw na buwis sa kapital ng Distrito na magwawakas sa Hunyo 2024. Pagtatantya sa mahigit 10 taon:

- 2024-2025: $488,472; 2025-2026: $503,126;
- 2026-2027: $518,220;
- 2027-2028: $533,766; 2028-2029: $549,779;
- 2029-2030: $566,273;
- 2030-2031: $583,261; 2031-2032: $600,759;
- 2032-2033: $618,782; 2033-2034: $637,345;

Ang kabuuang tinantyang halaga ng buwis ay $5,599,783.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Pananatilihin ng panukalang-batas na ito ang kasalukuyang antas ng buwis ng Pamatay-sunog ng Distrito gayundin ang mga kasalukuyang antas ng mga serbisyong pamatay-sunog at medikal na pang-emerhensiya. Nire-renew nito ang magwawakas na 10-taong opsyon na singil sa buwis sa kapital na may antas ng buwis na $0.23/$1,000 ng tinasang halaga simula Hulyo 2024. Sa bawat sampung taon mula 1974, inaprubahan ng mga botante ng Distrito ang mga bond sa kapital o ipinapataw na buwis para sa pagbili at pagpapalit ng mga pasilidad, kasangkapan at kagamitan. Ang pakinabang ng lokal na opsyon na singil sa buwis ay walang babayaran sa pag-isyu ng bagong bond ang mga tagabayad ng buwis at walang babayarang interes sa ipinataw na buwis. Sa pamamagitan ng pagpapanatili ng pagpopondo sa ipapataw na buwis sa kapital para sa operasyon,  mananatiling walang utang ang Distrito para sa kapital sa pamamagitan ng pagsunod sa programa sa pagpapalit ng mga pasilidad (capital replacement) upang mapanatili ang mga antas ng serbisyo.

Mayroong $8.1 milyon na mga ari-arian (capital assets) ang Distrito at isang pangmatagalang plano na palitan ang mga pasilidad, kasangkapan, ambulansiya, kagamitan at teknolohiya sa paraang responsable at epektibo na naaayon sa mga pinakamahusay na kasanayan sa Industriya at lugar ng trabaho. Kung i-renew, mananatili ang antas ng buwis sa $0.23/$1000 ng tinasang halaga. Ang isang bahay na nagkakahalaga ng $200,000 ay patuloy na magbabayad ng $46 kada taon ($3.83/buwan). Tinatayang mga kita sa buwis na matatanggap sa loob ng sampung taon:

| | |
|---|---|
| 2024-2025: $488,472 | 2025-2026: $503,126 |
| 2026-2027: $518,220 | 2027-2028: $533,766 |
| 2028-2029: $549,779 | 2029-2030: $566,273 |
| 2030-2031: $583,261 | 2031-2032: $600,759 |
| 2032-2033: $618,782 | 2033-2034: $637,345 |

Popondohan ng lokal na opsyon na singil sa buwis sa loob ng 10 taon ang:

- Pagpapalit ng mga ambulansiyang umabot nang mahigit 250,000 milya o 7 taong serbisyo
- Pagpapalit ng mga kasangkapang pamatay-sunog na mahigit 25 taon ang itatagal na serbisyo (service life) o nagkaroon ng matinding pagkasira (catastrophic failure).
- Pagpapalit ng mga command vehicle at sasakyan para sa tauhan na umabot nang mahigit 250,000 milya o 15 taong serbisyo
- Pagpapalit ng mga kumpletong kasangkapang panghinga at air cylinder na may 15 taong itatagal na serbisyo (service life).
- Pagpapalit ng mga kasuotan at kagamitang pamproteksyon para sa istraktura at kagubatan na may 10 taong itatagal na serbisyo (service life).
- Pagdaragdag ng mga naaayon sa pamantayan na mga kagamitang pamatay-sunog at EMS.
- Pagdaragdag, pag-upgrade, at pagpapanatili ng mga kontrata sa teknolohiya at serbisyo para matiyak ang cyber security at proteksiyon ng impormasyong pangkalusugan.

- Mga pagpapanatili at pag-upgrade ng pasilidad upang tulungan ang mga kasalukuyan at dumaraming tauhan sa operasyon para suportahan ang mga kinakailangang pagtugon.

Ang Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng LaPine (LaPine Rural Fire Protection District) ay may mga dalubhasa at propesyonal na permanenteng bumbero, programa sa pagsasanay ng mag-aaral para maging bumbero, at isang grupo ng mga boluntaryong nagbibigay-serbisyong pangsuporta at naglalaan ng mahahalagang serbisyong pang-emerhensya sa komunidad.  Kilala ang Distrito sa mahusay at epektibong paggamit ng mga pondo ng tagabayad ng buwis, sinusulit ang pagbawi sa gastos at mga oportunidad sa pagkakaroon ng pondo sa pamamagitan ng pinakamahusay na mga kasanayan sa pamamahala, patuloy na mga estratehikong pagpaplano, pagpaplano ng badyet, at pagsusuri sa mga pangunahing estadistikang tagapagpahiwatig ng pagganap ng tungkulin. Sinusuri ng Distrito ang mga istruktura ng paggastos at pagkakaroon ng kita upang mapabuti ang halaga ng mga serbisyo sa mga tagatangkilik nito. Pinapanatili nito ang mga kagamitan at pasilidad ng komunidad nang walang utang. Ang limang nahalal na Direktor ng Distrito ay may malawak na karanasan sa pampublikong pamamahala,  mga kasalukuyang kasanayan sa pagnenegosyo, pangangalagang pangkalusugan, at pagkontrol ng panganib sa komunidad. Itinatakda ng mga Direktor ang mga layuning pang-serbisyo ng Distrito, pagkontrol ng panganib sa komunidad, at nagbibigay direksiyon sa mga operasyon sa Pamatay-sunog at EMS sa pamamagitan ng pagpapatupad ng patakaran. Ang Distrito ay may taunang panlabas na pag-audit sa pananalapi at pamamaraan nito na bukas para sa pampublikong pagsusuri.

*Isinumite ni: Erick Holsey, Panlalawigang Pamatay-sunog para sa Distrito ng La Pine (La Pine Rural Fire Protection District)*

# Panukalang-Batas 9-167 – Pampangasiwaang Distrito ng Paaralan Blg. 1 (Administrative School District No.1)

**Caption:** 5 Taong Lokal na Opsyon na Singil sa Buwis para Pahusayin, Suportahan ang Pag-aaral ng Estudyante

**Tanong:** Dapat bang magpataw ang Distrito ng buwis na $1.00 kada $1000 ng tinasang halaga nang limang taon simula 2024-25 upang punan ang agwat sa pagpopondo, at suportahan ang mga priyoridad? Ang panukalang-batas na ito ay maaaring magdulot ng pagtaas ng mga buwis sa ari-arian nang higit tatlong porsyento.

**Buod:** Makatutulong ang pagpasa ng ipapataw na buwis sa paghahanda ng mga estudyante ng Mga Paaralan ng Bend-La Pine para sa panghabang-buhay na pagkatuto at tagumpay sa karera. Pinaglilingkuran ng Distrito ang mahigit 17,000 estudyante.
Hindi kaya ng Distrito na ganap na pondohan ang mga programa at serbisyong nakatuon sa mga mag-aaral gamit ang mga natatanggap na kita sa ilalim ng modelo ng pagpopondo ng estado. Magbibigay-daan ang iminungkahing 5 taong lokal na opsyon na singil sa buwis sa Distrito upang punan ang agwat sa pagpopondo at maglaan ng mga mapagkukunan para sa mga sumusunod:

- Pagpapalakas at pagdaragdag ng mga landas tungo sa Career Technical Education
- Pagprotekta at pagpapanatili ng sukat ng mga klase
- Pag-recruit at pagpapanatili ng mga guro at kawaning taga-suporta
- Pagdaragdag ng mga inaalok na advanced na kursong pang-akademiko para sa mga estudyante
- Pagpapabuti ng mga sistemang pang-suporta sa mga nahihirapang mag-aaral
- Pagpapahusay ng mga inaalok na elective sa musika, sining, teknolohiya, komersiyo, mga wika sa mundo

Ang ipapapataw na buwis ay magtatakda ng antas ng buwis na $1.00 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian. Ang tinatayang gastusin para sa isang bahay na may panggitnang tinasang halaga na $238,750, ay $239 sa isang taon.

Tinatayang makakalikom ang pagpapataw ng buwis ng:
$21,200,000 sa 2024-25
$21,836,000 sa 2025-26
$22,491,000 sa 2026-27
$23,165,000 sa 2027-28
$23,860,000 sa 2028-29
Ang kabuuang malilikom sa loob ng 5 taon ay tinatayang nasa $112,552,000.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Babayaran ng iminungkahing Ipapataw na Buwis para sa Pag-aaral ang mga programa at serbisyo na hindi pinopondohan o kulang sa pondo ng estado. Magbibigay-daan ito sa distrito ng paaralan na pondohan ang hindi natutugunang mga pangangailangan sa Bend, Sunriver at La Pine.

**Career Technical Education**
Dumarami ang interesado sa Career Technical Education, at mayroong 34 na programa ng CTE sa pitong high school natin. Maaaring makakuha ang mga estudyante ng kaalaman at kasanayan na kailangan nila upang umunlad sa mga karerang may matataas na sahod at kailangang-kailangan.
Ang ipapataw na buwis ay makapag-aalok ng CTE sa mas maraming mga estudyante habang inilulunsad natin ang mga bagong kurso at ginagawang moderno ang mga kasalukuyang programa na may mga na-update na tool at teknolohiya upang maabot ang mga pamantayan ng industriya. Sa pamamagitan ng pagsasaalang-alang ng mga trabahong kinakailangan at hinahanap, matitiyak nating handa ang mga magtatapos upang magtagumpay at magbahagi sa paglago ng ating ekonomiya.

**Pinakamainam na sukat ng mga klase**
Kapag nasa pinakamainam na sukat ang mga klase, magkakaroon ang mga guro ng matatag na ugnayan sa mga estudyante at mas makapagbibigay ng indibidwal na atensyon at suporta. Nakakapagpababa ng antas ng pagkatuto ang masisikip na mga silid-aralan.
Layunin nating panatilihin ang katamtamang sukat ng mga klase sa pagitan ng 22 estudyante (kindergarten) at 29 estudyante (high school). Magbibigay-daan ang ipapataw na buwis na ito sa distrito para magdagdag ng mga tagapagturo upang matugunan ang mga pangangailangan ng ating mga komunidad ng paaralan.

**Pag-recruit t at pagpapanatili**
Ang mga empleyado ng paaralan ay dapat na mamuhay at umunlad sa mga komunidad kung saan sila nagtatrabaho. Sa mga Paaralan ng Bend-La, hangad nating maging tagapag-empleyong pinipili, na nakapaghihikayat at nakapagpapanatili ng mga magagaling na tagapagturo at kawaning taga-suporta Mapapabuti rin ng ipapataw na buwis ang suporta ng kawani at mga oportunidad ng paglago sa karera sa pamamagitan ng propesyonal na pag-aaral, pagtuturo at paggabay. Kailangan ang pagkakaroon ng mga magagaling na tauhan sa pagtulong sa mga estudyanteng magtagumpay sa klase at higit pa.

**Mga inaalok na advanced na kursong pang-akademiko**
Ang mga estudyanteng naghahangad ng mga karangalan at kursong pang-kolehiyo ay nagkakaroon ng mga kakakayahan at pag-uugali na kailangan para magtagumpay sa kolehiyo at mga karera. Ang mga mas malakas na kakayahan sa komunikasyon at paglutas ng problema ay kabilang sa mga benepisyo ng mga oportunidad ng pinabilis na pag-aaral.

Mabibigay-daan ang ipapataw na buwis sa distrito para palakasin at palawakin ang mga programa nitong Advanced Placement, International Baccalaureate at dual credit. Makatutulong ito na alisin ang mga hadlang para sa mga estudyante upang ma-akses ang

mga advanced na kurso at tulungang maging kwalipikado ang mga guro na magturo ng mga kursong ito.

**Suporta para sa estudyante**
Ang kakayahan nating suportahan ang mga estudyante, kabilang ang mga nahaharap sa mga balakid sa pag-aaral, ay apektado sa ilalim ng ating kasalukuyang antas ng pagpopondo.

Magbibigay-daan sa Distrito ang ipapataw na buwis para mamuhunan sa ating mga kawaning may kinalaman sa pagpapayo at tagumpay ng estudyante, mga tagasubaybay ng kampus, akademikong pagtuturo at pagpapaunlad ng mga kasanayan sa pagkatuto. Palalakasin nito ang mga pagsisikap para isulong ang pagiging kabilang at dignidad sa mga estudyante, na tumutulong upang mabawasan ang bullying at agresibong pag-uugali.

**Mga inaalok na elective**
Nakatutulong ang mga elective tulad ng musika, sining, mga wika sa mundo at komersiyo sa mga estudyante para matuklasan ang kanilang hilig at mithiin. Ang pagkuha ng mga elective ay nagbibigay inspirasyon at hamon sa mga estudyante hanggang sa kanilang pagtatapos. Magbibigay-daan sa atin ang ipapataw na buwis para mapunan ang mga kakulangan sa mga inaalok na elective, dagdagan ang mga oportunidad para sa mga estudyante sa middle school at pahusayin ang pagtaguyod sa sekondaryang antas ng mga wika sa mundo.

**Antas ng ipapataw na buwis**
Ang iminungkahing halaga ay $1 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian. Magbabayad ang isang may-ari ng bahay ng humigit-kumulang $20 sa isang buwan, batay sa panggitnang tinasang halaga ng mga residensiyal na ari-arian sa distrito. Makikita ang tinasang halaga sa ibaba ng Real Market Value sa pahayag ukol sa buwis sa ari-arian

*Isinumite ni: Steven Cook, Superintendente, Distrito ng Paaralan ng Bend-La Pine (Bend-La Pine School District).*

# Panukalang-Batas 9-168 – Lungsod ng Redmond

**Caption:** Pag-amyenda sa Karta ng Lungsod ng Redmond para sa mga kwalipikasyong humawak ng katungkulang napanalunan sa halalan.

**Tanong:** Dapat bang amyendahan ng Lungsod ang Karta para ipagbawal ang direktang kadugo o mga kamag-anak na magkasamang humawak ng katungkulang napanalunan sa halalan?

**Buod:** Kung ipatupad, ang panukalang-batas na ito ay mag-aamyenda sa Karta ng Lungsod ng Redmond, Seksyon 12, Kwalipikasyon ng mga Opisyal. Ang pag-amyenda ay magdaragdag ng kwalipikasyon kung saan walang taong pahihintulutang humawak ng katungkulang napanalunan sa halalan sa parehong Konseho ng Lungsod kasama ang kanilang asawa, kinakasama, magulang, o anak na kasalukuyang Alkalde o Konsehal ng Lungsod.   Ang mga direktang kamag-anak dahil magkadugo ay mga kaugnayang magulang/anak. Ang mga direktang kamag-anak dahil sa kasal ay mga kaugnayang mag-asawa/kinakasama. Ang mga kumpletong kopya ng iminungkahing pag-amyenda sa Karta na ipinapakita ang lahat ng pagbabago ay makukuha sa opisina ng City Recorder at sa www.redmondoregon.gov.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Iminumungkahi ng Lungsod ng Redmond ang isang pag-amyenda sa Karta ng Lungsod ng Redmond. Magdaragdag ang pag-amyenda ng isang kwalipikasyon kung saan walang taong pahihintulutang humawak ng katungkulang napanalunan sa halalan sa parehong Konseho ng Lungsod kasama ang kanilang asawa, kinakasama, magulang, o anak na kasalukuyang Alkalde o Konsehal ng Lungsod.   Itinatakda ng karta ang isang pamahalaan na pinangangasiwaan ng anim na Konsehal ng Lungsod at isang Alkalde.

Ang karta ay nagsisilbing saligang dokumento ng pamamahala ng Lungsod. Nakabalangkas dito ang mga prinsipyo, istruktura, at proseso ng pamahalaan ng Lungsod. Sa katunayan, nagbibigay-daan ang batas ng Oregon sa mga botante ng lungsod para ayusin ang pamahalaan ng kanilang lungsod na itinuturing ng karamihan ng botante na pinakaangkop na makatutugon sa mga pangangailangan ng lungsod. Ipatutupad ang iminungkahing pag-amyendang ito sa karta sa Enero 1, 2025.

Sa kasalukuyan, walang limitasyon sa paghawak ng katungkulang napanalunan sa halalan sa parehong Konseho ng Lungsod kasama ang asawa, kinakasama, magulang, o anak na kasalukuyang Alkalde o Konsehal ng Lungsod.   Kung maipasa, hindi pahihintulutan ang isang tao na humawak ng katungkulang napanalunan sa halalan sa

parehong Konseho ng Lungsod kasama ang kanilang asawa, kinakasama, magulang, o anak na kasalukuyang Alkalde o Konsehal ng Lungsod.

Hindi makaaapekto ang pag-amyendang ito sa sinumang taong kasalukuyang naglilingkod sa Konseho ng Lungsod.

Ang pag-amyendang ito sa Karta ay magdaragdag ng sumusunod na wika sa Seksyon 12 ng Karta ng Lungsod:

"Walang taong pahihintulutang humawak ng katungkulang napanalunan sa halalan habang siya ay may asawa, kinakasama, magulang, o anak na kasalukuyang alkalde o konsehal."

Kung hindi ipatupad ang iminungkahing pag-amyenda sa karta, mananatiling katanggap-tanggap para sa isang tao na humawak ng katungkulang napanalunan sa halalan sa parehong Konseho ng Lungsod kasama ang asawa, kinakasama, magulang, o anak na kasalukuyang Alkalde o Konsehal ng Lungsod.

Kung ipatupad ang iminungkahing pag-amyenda sa karta, hindi pahihintulutan ang isang tao na humawak ng katungkulang napanalunan sa halalan sa parehong Konseho ng Lungsod kasama ang kanilang asawa, kinakasama, magulang, o anak na kasalukuyang Alkalde o Konsehal ng Lungsod.

Ang pagsangguni ay kasunod ng isang serye ng mga talakayan ng Konseho ng Lungsod na ginanap sa mga bukas na pampublikong pagpupulong na nagsimula noong panahon ng taglagas 2023 at natapos noong Pebrero 2024, hinggil sa mga potensyal na pagbabago sa kasalukuyang karta ng Lungsod. Inamyendayan kamakailan ng Redmond ang Karta ng Lungsod noong 2010.

Ang mga kumpletong kopya ng iminungkahing pag-amyenda sa karta na ipinapakita ang lahat ng pagbabago ay makukuha sa opisina ng City Recorder sa 411 SW Ninth at sa www.redmondoregon.gov.

*Isinumite ni: Keith Witcosky, Lungsod ng Redmond.*

# Panukalang-Batas 9-169 – Lungsod ng Redmond

**Caption:** Pag-amyenda sa Karta upang baguhin ang haba ng termino at mga limitasyon sa termino ng Alkalde.

**Tanong:** Dapat bang amyendahan ang Karta ng Lungsod upang baguhin ang termino para sa Alkalde na gagawing apat na taon at dalawang magkakasunod na termino?

**Buod:** Kung ipatupad, ang panukalang-batas na ito ay mag-aamyenda sa Karta ng Lungsod ng Redmond, Seksyon 9, Alkalde. Babaguhin ng pag-amyenda ang termino para sa Alkalde sa apat na taon mula dalawang taon, simula sa halalan ng Alkalde sa 2026; at gagawa ng mga limitasyon sa termino na may maximum na dalawang magkakasunod na apat na taong termino bilang Alkalde (kabuuang walong magkakasunod na taon bilang alkalde). Kasunod ng dalawang termino, magiging kwalipikado ang isang Alkalde na tumakbo bilang Konsehal ng Lungsod o tumakbong muli sa pagka-Alkalde pagkatapos na hindi lumahok para sa apat na taong termino. Ang mga kumpletong kopya ng iminungkahing pag-amyenda sa Karta na ipinapakita ang lahat ng pagbabago ay makukuha sa opisina ng City Recorder at sa at www.redmondoregon.gov.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Karta na Lungsod Para sa nahalal sa katungkulan bilang Alkalde, babaguhin ng pag-amyenda ang haba ng termino sa apat na taon mula dalawang taon, at magtatatag ng mga limitasyon sa termino. Itinatakda ng karta ang isang pamahalaan na pinangangasiwaan ng anim na Konsehal ng Lungsod at isang Alkalde.

Ang karta ay nagsisilbing saligang dokumento ng pamamahala ng Lungsod. Nakabalangkas dito ang mga prinsipyo, istruktura, at proseso ng pamahalaan ng Lungsod. Sa katunayan, nagbibigay-daan ang batas ng Oregon sa mga botante ng lungsod para ayusin ang pamahalaan ng kanilang lungsod na itinuturing ng karamihan ng botante na pinakaangkop na makatutugon sa mga pangangailangan ng lungsod. Ipatutupad ang iminungkahing pag-amyendang ito sa karta sa Enero 1, 2026.

Sa kasalukuyan, walang limitasyon sa bilang ng magkakasunod na termino na maaaring ihalal ang isang tao upang maglingkod bilang Alkalde ng Redmond City. Kung maipasa, magiging kwalipikado ang isang tao na mahalal sa dalawang magkakasunod na termino bilang Alkalde. Kasunod ng dalawang termino, magiging kwalipikado ang isang tao na mahalal para maglingkod bilang Konsehal ng Lungsod o kakailanganing maghintay ng isang termino bago maging kwalipikadong mahalal para sa isa pang termino bilang Alkalde.

Ang pag-apruba sa pag-amyendang ito ay hindi naaangkop sa paparating na termino ng alkalde na nagsisimula sa Enero 1, 2025, hanggang Disyembre 31, 2026.

Babaguhin ng pag-amyendang ito sa Karta ang sumusunod na wika sa Seksyon 9 ng Karta ng Lungsod:

“Sa pangkalahatang halalan kada dalawang taon sa 2024, ihahalal ang isang alkalde para sa isang dalawang taong termino. Simula sa pangkalahatang halalan kada dalawang taon sa 2026, ihahalal ang isang alkalde para sa isang apat na taong termino. Simula sa pangkalahatang halalan kada dalawang taon sa 2026, magiging kwalipikado ang isang alkalde para magsilbi ng dalawang magkakasunod na hinalal na termino. Kasunod ng dalawang magkakasunod na termino, hindi magiging kwalipikado ang alkalde na tumakbo sa pagka-alkalde sa susunod na halalan. Ang hindi kwalipikadong alkalde ay magiging kwalipikadong tumakbo sa pagka-konsehal at kwalipikadong tumakbo sa pagka-alkalde sa mga susunod na halalan.”

Kung hindi ipatupad ang iminungkahing pag-amyenda sa karta, magpapatuloy ang dalawang taong termino ng alkalde at magpapatuloy sa Karta ng Lungsod ang walang limitasyon sa bilang ng magkakasunod na termino na maaaring ihalal ang isang tao para maglingkod bilang alkalde.

Kung ipatupad ang iminungkahing pag-amyenda sa karta, ang termino ng alkalde ay magiging apat na taon, simula Enero 1, 2027, at ang isang tao ay magiging kwalipikado lamang na mahalal sa dalawang magkakasunod na termino bilang Alkalde.

Ang pagsangguni ay kasunod ng isang serye ng mga talakayan ng Konseho ng Lungsod na ginanap sa mga bukas na pampublikong pagpupulong na nagsimula noong panahon ng taglagas 2023 at natapos noong Pebrero 2024, hinggil sa mga potensyal na pagbabago sa kasalukuyang karta ng Lungsod. Inamyendayan kamakailan ng Redmond ang Karta ng Lungsod noong 2010.

Ang mga kumpletong kopya ng iminungkahing pag-amyenda sa karta na ipinapakita ang lahat ng pagbabago ay makukuha sa opisina ng City Recorder sa 411 SW Ninth at sa www.redmondoregon.gov.

*Isinumite ni:  Keith Witcosky, Lungsod ng Redmond*

# Panukalang-Batas 9-170 – Lungsod ng Redmond

**Caption:** Pag-amyenda sa Karta ng Lungsod ng Ashland upang idagdag ang mga limitasyon sa termino ng Konsehal.

**Tanong:** Dapat bang amyendahan ang Karta ng Lungsod upang limitahan sa dalawang magkakasunod na termino ang mga Konsehal ng Lungsod?

**Buod:** Kung ipatupad, ang panukalang-batas na ito ay mag-aamyenda sa Karta ng Lungsod ng Redmond, Seksyon 8, Mga Konsehal. Ang pag-amyenda ay gagawa ng mga limitasyon sa termino na may maximum na dalawang magkakasunod na apat na taong termino bilang Konsehal ng Lungsod (kabuuang walong magkakasunod na taon bilang Konsehal). Kasunod ng dalawang termino, magiging kwalipikado ang isang Konsehal ng Lungsod na tumakbo sa pagka-alkalde sa susunod na halalan o tumakbong muli sa pagka-Konsehal makaraan ang dalawang taon. Ang mga kumpletong kopya ng iminungkahing pag-amyenda sa karta na ipinapakita ang lahat ng pagbabago ay makukuha sa opisina ng City Recorder at sa at www.redmondoregon.gov.

**Pagpapaliwanag na Pahayag**

Iminumungkahi ng Lungsod ng Redmond ang isang pag-amyenda sa Karta ng Lungsod ng Redmond. Ang pag-amyenda ay gagawa ng mga limitasyon sa termino para sa nahalal sa katungkulan bilang Konseho ng Lungsod. Itinatakda ng karta ang isang pamahalaan na pinangangasiwaan ng anim na Konsehal ng Lungsod at isang Alkalde.

Ang karta ay nagsisilbing saligang dokumento ng pamamahala ng Lungsod. Nakabalangkas dito ang mga prinsipyo, istruktura, at proseso ng pamahalaan ng Lungsod. Sa katunayan, nagbibigay-daan ang batas ng Oregon sa mga botante ng lungsod para ayusin ang pamahalaan ng kanilang lungsod na itinuturing ng karamihan ng botante na pinakaangkop na makatutugon sa mga pangangailangan ng lungsod. Ipatutupad ang iminungkahing pag-amyendang ito sa karta sa Enero 1, 2025.

Sa kasalukuyan, walang limitasyon sa bilang ng magkakasunod na termino na maaaring ihalal ang isang tao upang maglingkod sa Konseho ng Lungsod ng Redmond. Kung maipasa, magiging kwalipikado ang isang tao na mahalal sa dalawang magkakasunod na termino bilang Konsehal ng Lungsod. Kasunod ng dalawang termino, magiging kwalipikado ang isang tao na mahalal para maglingkod bilang alkalde o kakailanganing maghintay ng isang termino bago maging kwalipikadong mahalal para sa isa pang termino bilang Konsehal ng Lungsod.

Magiging kwalipikado ang lahat ng kasalukuyang konsehal ng lungsod para sa dalawang magkakasunod na termino matapos aprubahan ang pag-amyendang ito.

Ang pag-amyendang ito sa Karta ay magdaragdag ng sumusunod na wika sa Seksyon 8 ng Karta ng Lungsod:

"Magiging kwalipikado ang bawat konsehal para magsilbi ng dalawang magkakasunod na hinalal na termino. Pagkatapos ng dalawang magkakasunod na termino, ang isang konsehal ay magiging kwalipikadong tumakbo sa pagka-alkalde at kwalipikadong tumakbo sa pagka-konsehal sa mga susunod na halalan. Para sa mga konsehal na nasa katungkulan sa panahong ipatupad ang pag-amyendang ito sa karta, simula sa halalan sa huling taon ng kasalukuyang termino ng konsehal, ang konsehal ay hindi magiging kwalipikadong tumakbo sa pagka-konsehal sa halalan makaraan ang kanilang ikalawang magkakasunod na termino pagkatapos nito."

Kung hindi ipatupad ang iminungkahing pag-amyenda sa karta, magpapatuloy sa Karta ng Lungsod ang walang limitasyon sa bilang ng magkakasunod na termino na maaaring ihalal ang isang tao para maglingkod sa Konseho ng Lungsod ng Redmond.

Kung ipatupad ang iminungkahing pag-amyenda sa karta, magiging kwalipikado ang isang tao na mahalal sa dalawang magkakasunod na termino bilang Konsehal ng Lungsod.

Ang pagsangguni ay kasunod ng isang serye ng mga talakayan ng Konseho ng Lungsod na ginanap sa mga bukas na pampublikong pagpupulong na nagsimula noong panahon ng taglagas 2023 at natapos noong Pebrero 2024, hinggil sa mga potensyal na pagbabago sa kasalukuyang karta ng Lungsod. Inamyendayan kamakailan ng Redmond ang Karta ng Lungsod noong 2010.

Ang mga kumpletong kopya ng iminungkahing pag-amyenda sa karta na ipinapakita ang lahat ng pagbabago ay makukuha sa opisina ng City Recorder sa 411 SW Ninth at sa www.redmondoregon.gov.

*Isinumite ni Keith Witcosky, Lungsod ng Redmond*

# Panukalang-batas 7-87 – Distrito ng Paaralan ng Crook County (Crook County School District)

**Caption:** Mga bond para paigtingin ang kaligtrasan; ayusin at i-update ang mga paaralan

**Tanong:** Dapat bang paigtingin ng Distrito ang kaligtasan; ayusin, i-update ang mga paaralan at pasilidad ng distrito; pakinabangan ang $6,000,000 pinagkaloob na pondo ng Estado; mag-isyu ng mga bond na may pangunahing halaga na $11,000,000? Kung maaprubahan ang mga Bond, babayaran ang mga ito mula sa mga buwis sa ari-arian o pagmamay-ari ng ari-arian na hindi napapailalim sa mga limitasyon ng Seksyon 11 at 11b, Artikulo XI ng Konstitusyon ng Oregon.

**Buod:** Makatatanggap ang Distrito ng Paaralan ng Crook County (Crook County School District) ng $6,000,000 katumbas na mga pondo (matching funds) ng Estado kung maaaprubahan ang mga bond. Inaasahang tutustusan ng mga bond ang mga sumusunod na minsanang gastusin (capital costs):

- Mga pag-upgrade sa mga sistema ng pagpapainit kabilang ang mga boiler at HVAC system;
- Mga pagpapahusay sa seguridad kabilang ang mga ligtas na pasukan, sistema ng komunikasyon at pagsubaybay;
- Pagpapalit o pagpapanumbalik ng bubungan sa mga gusali ng paaralan at iba pang pasilidad ng distrito;
- Mga pagpapahusay sa istruktura (capital improvements) kabilang ang mga pagpapabuti ng site, demolisyon, kasangkapan, kagamitan;
- Pagbayad ng mga gastusin sa pag-isyu ng bond.

Ang anumang natitirang kita sa bond ay maaaring gamitin sa pagbayad ng anumang karagdagang karapat-dapat na mga malalaking proyekto (capital projects). Magma-mature ang mga bond nang hindi lalampas sa 26 na taon mula sa pag-isyu nito at maaaring mag-isyu ng serye. Ang tinatayang pagtaas sa halaga ng buwis ay $0.10 kada $1000 ng tinasang halaga ng ari-arian. Maaaring mag-iba ang aktwal na antas ng ipapataw na buwis dahil sa mga pagbabago sa mga antas ng interes at/o tinasang halaga.